



KIAN

Kumusta Kawasaki

Nihonggo / Ingles / Intsik / Korean / Tsosen / Espanyol/ Portugis / Filipino/Biyetnamis / Taylandes / Indonesian / Nepali / madaling Nihonggo

Homepage: <https://www.kian.or.jp/hlkwsk.html>

〒211-0033 2-2 Kizukigioncho, Nakahara-ku, Kawasaki-shi, Kanagawa

Tel:044-435-7000 Fax:044-435-7010 <https://www.kian.or.jp/> E-mail:kiankawasaki@kian.or.jp

- ★ **LIBRE**, Kailangan ng reserbasyon !
- ★ **Libreng konsultasyon** sa administratibog taga-sulat
- ★ **Mayroong interpreter**

Kabataang konektado sa Dayuhan
Patnubay sa pagpasok sa
Mataas na paaralan



Pagpapaliwanag at pagpupulong na nagbibigay ng kinakailangang impormasyon para sa pagpasok sa pampublikong mataas na paaralan sa Prepektura ng Kanagawa.

Petsa : Setyembre 18, 2023 (Lunes•Pista) 1:00pm - 4:00pm

(Ang tagapag-ayos ay tutukuyin ang oras ng pagdating)

Lugar : Hall ng Sentrong Pandaigdig ng Kawasaki

Patala : Setyembre 2 <https://hsguide.me-net.or.jp/reservations>

Para sa : Estudyante na nasa 3rd year Junior High School at tagapag-alaga

Limita : 24 ka-pamilya na may kahirapang kumuha ng impormasyon sa pagpasok sa Senior High School (3 katao bawat pamilya)

Nilalaman : Pagpapakilala sa mga paaralan, komprehensibong konsultasyon, atbp.

Tumawag : Nihonggo, Ingles, alfabeta koko@mcajp.com mag e-mail lamang

Organizer : Multicultural Activity Liaison Council

Kaakibat : Sentrong Pandaigdig ng Kawasaki, Lupon ng Edukasyon ng Kanagawa

Prepektura, Sertipikadong NPO MultiKultural Edukasyon Network



Orientasyon sa pamumuhay para sa mga dayuhan

Isang oryentasyon ang gaganapin para matiyak ang ligtas at komportableng buhay sa Kawasaki. Ang pangunahing nilalaman ay ang pag-iwas sa sakuna, kung paano itapon ang basura, pangangalagang medikal, buwis, segurong pangkalusugan, pensiyon, katayuan ng paninirahan, at iba pang kapaki-pakinabang na impormasyon.Ipapaliwanag sa magaan na Nihonggo. May taga-saling wika

Petsa : Oktubre 16,2023 (Lunes)

Oras : 9 : 00am - 12 : 00pm

Lugar : Purok Kagawaran ng Kawasaki 1st Fl. Lobby
8 Higashita-cho, Kawasaki-ku, Kawasaki-shi

Tumawag : Sentrong Pandaigdigang ng Kawasaki

Multikulturang Dibisyon

☎ : 044-435-7000

✉ : soudan39@kian.or.jp



Pagsuspende sa paggamit ng pangunahing gusali ng sentro

Isasailalim sa pagsasaayos ang Kawasaki International Exchange Center mula Oktubre 1, 2023 (Linggo) hanggang Enero 3, 2021 (Miyerkules). Dahil sa gagawing pagsasaayos, ang paggamit ng mga pasilidad sa pangunahing gusali ng sentro ay sususpindihin.

- ◆ Hall, reception room, espesyal na meeting room, espesyal na reception room, meeting room No. 1 hanggang No. 5, dining room, exchange salon facility na inuupahan
- ◆ Silid-aklatan/sanggunian na silid
- ◆ Lobby ng impormasyon, lobby sa diskurso, lobby ng exhibition, atbp.

● Magagamit na lugar ●

- ★ Ang mga pasilidad sa annex (recreation room, meeting room No. 6, meeting room No. 7), tea room (Kigetsu-an), at multi-purpose plaza ay maaring upahan gaya ng dati.
- ★ Kahit na sa panahon na hindi magagamit ang pasilidad, maaaring gamitin ang reception work at Fureai Net user terminal.

Nagsimula ka na bang gumawa ng hakbang laban sa Heat Stroke

Ang heat stroke ay isang sakit na nakababanta sa buhay kapag ito ay lumala.

Simulan natin ang heat stroke measures nang maaga!

- 1 Kahit hindi nakakaramdam ng pagkauhaw, panatiliing **uminom lagi ng tubig.**
- 2 Habang nagpapahangin panatilihin ang **silid na nasa 28°C na temperatura.**
- 3 Magsuot ng **presko na damit, payong at sombrero**
- 4 Matulog ng sapat, kumain ng maayos araw-araw at **pangalagaan ang pisikal na kondisyon.**



Konsultasyon para sa mga dayuhan sa Sentrong Pandaigdig ng Lungsod ng Kawasaki

Mangyaring huwag mag-atubiling makipag-ugnay kung mayroon mga katanungan o problema (Libre).

Konsultasyon sa online ZOOM !

Reserbasyon sa HP

* Oras ng Konsultasyon: 9:00-5:00 (bukas kahit tanghalian) Tel. 044-455-8811

Gagamitin ang telepono sa taga-salin upang suportahan ang wika ng pagpapayo.

Wika	Araw	Wika	Araw
Ingles	Lunes - Sabado	Intsik	Lunes - Sabado
Portugis	Martes · Biyernes	Espanyol	Martes · Miyerkules
Korea · Tsosen	Martes · Huwebes	Filipino	Martes · Miyerkules
Biyetnam	Martes · Biyernes	Thai	Lunes · Martes
Indonesya	Martes · Miyerkules	Nepali	Martes · Sabado



Pahina patala sa
Online Konsultasyon



Sentrong
Pandaigdigang ng
Kawasaki Website

* Libreng Konsultasyon sa administratibong scrivener

(Ang konsultasyon ay nasa wikang hapon, maaring magpareserba ng interpreter)

Petsa: Agosto 20 (Linggo) Oras: 14:00~16:00, Setyembre 17 (Linggo) Oras: 10:00~16:30

Lugar: Sentrong Pandaigdigang ng Kawasaki, 2F Silid Kooperatibo